


5

Physical Education

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Itik-Itik**



**Physical Education – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Itik-Itik
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Myra B. Cezar

Treshia Wyndell E. Deladia

Editor: Monica R. Delleva, Rose Ann C. Menieba, Teodorico C. Pelino Jr.

Tagasuri: Ma. Gilda C. Baleña

Tagaguhit: Patmar D. Abracia

Tagalapat: Ma. Jayvee A. Garapan

Tagapamahala: Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Carmelino P. Bernadas

Rey F. Bulawan

Nicolas G. Baylan

Neil G. Alas

Imelda E. Gayda

Abelardo G. Campani

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Physical Education

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Itik-Itik**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o *SLM* na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang *SLM* na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng *SLM* na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat bilang pagsasaalang-alang ng antas ng iyong kaalaman at kakayahang matuto ng mga kasanayan na nakapaloob sa modyul na ito. Saklaw nito ang pamamaraan at kasanayan sa pagsayaw na maaaring magamit mo sa pang-araw-araw at iba pang sitwasyon sa pag-aaral. Ang mga aralin ng modyul na ito ay mga likas na pagkilos ng katawan kung saan ito ay dapat mong malaman bilang isang mag-aaral. Ito ay inayos at batay sa mga bagay na dapat mong matutunan.

Ang modyul ay nahahati sa apat na mga aralin:

- Aralin 1 – Introduksiyon sa Katutubong Sayaw: Itik-itik
- Aralin 2 – Itik-Itik: Mga Hakbang Pansayaw, Ating Alamin!
- Aralin 3 – Itik-Itik: Halina't Sayawin!
- Aralin 4 – Itik-Itik: Pagyamanin Natin!

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang maipaliliwanag mo ang pinagmulan ng katutubong sayaw na Itik-Itik (PE5RD-IVb-h-3).



Subukin

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) kung ang pangungusap ay Makatotohanan at ekis (x) kung ito ay Hindi Makatotohanan. Gawin ito sa sagutang papel.

- ___ 1. Ang Itik-Itik ay isang katutubong sayaw.
- ___ 2. Ang sayaw na Itik-Itik ay nagmula sa Surigao del Sur.
- ___ 3. Panyo ang gamit ng mga babae sa sayaw na Itik-Itik.
- ___ 4. Idinaraos ang sayaw sa saliw ng rondalla.
- ___ 5. Ang mga lalaki ay nakasuot ng patadyong.
- ___ 6. Ginagaya ang kilos ng ibon sa sayaw na Itik-Itik
- ___ 7. Ang Itik-Itik ay nagsimula sa masiglang pagsayaw ng Sibay.
- ___ 8. Ang sayaw na ito ay binubuo mula sa iba't ibang galaw ng mananayaw.
- ___ 9. Ang mga babae ay naglalagay ng bandana sa ulo.
- ___ 10. Ang mga lalaking mananayaw ay nakasuot ng camisa de chino.

Aralin

1

Introduksiyon sa Katutubong Sayaw: Itik-Itik

Ang mga katutubong sayaw ay dapat matutuhan ng mga batang mag-aaral. Alam mo ba ang mga ito? Kailangan alam ng mananayaw ang mga pangunahing kasanayan na dapat niyang taglayin. Isa na rito ang liksi at tamang tempo ng mananayaw.



Balikan

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita sa bawat larawan. Isulat ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

- a. Sayaw sa Bangko
- b. Barong Tagalog
- c. Tinikling

- d. Maria Clara
- e. Polka sa Nayon
- f. Cariñosa

_____ 1.



_____ 2.




_____ 3.



_____ 4.



_____ 5.





Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay dinisenyo na may apat na aralin at ang bawat aralin ay dapat pag-aralan sa loob ng isang linggo.



Tuklasin

Ang mga katutubong sayaw ay bahagi ng ating kulturang Pilipino at ito ay pagpapahayag ng iba't ibang saloobin at damdamin. Pagmasdan mabuti ang larawan sa ibaba. Pamilyar ka ba sa katutubong sayaw na ito? Naisayaw mo na kaya ito? Isa ito sa ating mga katutubong sayaw. Ito ay ang sayaw na Itik-Itik.





Suriin

Katutubong Sayaw

Ang katutubong sayaw ay sumasagisag ng kultura, tradisyon at pamumuhay ng mga tao sa isang bansa. Dito sa ating bansa, ang katutubong sayaw ay sumasalamin sa kung anong pamumuhay mayroon ang ating mga ninuno, maging ang lugar na ating kinabibilangan. Nagpapakita ito ng maalab na damdamin, pag-ibig o pagmamahal sa bansa, pagiging makabayan, kasiyahan sa iba't ibang selebrasyon, kababaang-loob sa kapwa at pagkakaisa ng bawat Pilipino.

Itik-Itik

Ang sayaw na **Itik -Itik** ay nagmula sa Surigao del Sur. Ginagaya nito ang kilos ng itik. Ang sayaw na ito ay nabuo habang sumasayaw ang mga bisita sa isang binyagan na parang ginagaya ang kilos ng itik. Ang mananayaw na babae ay nakasuot ng patadyong at mayroong bandana sa ulo. Ang lalaki naman ay nakasuot ng camisa de chino at puting pantalon. Maaring isayaw ang Itik-itik sa saliw ng rondalla at ito ay may palakumpasang ³/₄ at may mabilis na tempo.



Pagyamanin

Panuto: Isulat ang **Oo** kung ang pangungusap ay makatotohanan at **Hindi** kung ito ay hindi makatotohanan. Isulat ito sa sagutang papel.

- ___ 1. Naihahalintulad ang sayaw na Itik-Itik sa galaw ng itik.
- ___ 2. Ang Itik-Itik ay maaari ring saliwang awit.
- ___ 3. Ang sayaw na Itik-Itik ay nagsimula sa Surigao del Sur.
- ___ 4. Ang Itik-Itik ay isang modernong sayaw.
- ___ 5. Ang saliw na musika sa sayaw na Itik-itik ay nasa batayang kumpas na ³/₄.



Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap, piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang pinanggalingang kilos sa sayaw na Itik-Itik ay nagmula sa ____.
a. itik b. manok c. aso d. gansa
2. Ang mga mananayaw ay gumagawa ng iba't ibang kilos gaya ng ____.
a. pagpapagulong b. paglipad c. paglakad d. pagdapa
3. Ang musika sa sayaw na Itik-itik ay nasa palakumpasang _____.
a. $\frac{4}{4}$ b. $\frac{2}{4}$ c. $\frac{3}{4}$ d. $\frac{1}{4}$
4. Ang kasuotan ng babaeng mananayaw ay karaniwang _____.
a. tapis b. Patadyong c. Maria Clara d. Kimono
5. Ang galaw ng mga mananayaw ng itik-itik ay _____.
a. mabilis b. mahinhin c. katamtaman d. sobrang bilis

Aralin

2

Itik-Itik: Mga Hakbang Sayaw, Ating Alamin!

Matapos matutunan sa nakaraang aralin ang mga mahahalagang impormasyon sa katutubong sayaw na Itik-Itik, mahalaga rin na malinang ang mga pamamaraang nakapaloob dito. Sa aralin na ito, lubos na malilinang ang inyong kaalaman na mapaunlad ang mga pangunahing kasanayan ng sayaw.



Balikan

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at punan ng wastong salita ang patlang. Isulat ang tamang sagot sa malinis na papel.

1. Ang kilos at galaw ng mananayaw ng Itik-Itik ay hawig sa kilos at galaw ng _____.
2. Ang sayaw na Itik-itik ay nagmula sa _____.
3. _____ ang batayang kumpas ng musika sa sayaw na Itik-Itik.
4. _____ ang maaaring isaliw sa sayaw na Itik-Itik.
5. Ang mananayaw na babae ay nakasuot ng _____ at mayroong bandana sa ulo.



Tuklasin

Mabilis ang inyong pagkatuto sa mga pangunahing kaalaman, kahulugan, pinagmulan at mga kagamitan ng sayaw na Itik-Itik. Upang lubusang maunawaan at malaman ang tamang pamamaraan, pagsayaw at masiguro na maisasagawa nang maayos at ligtas, ating tuklasin ang mga inihandang hakbang sayaw sa katutubong sayaw na Itik-itik.



Suriin

Mga Hakbang-sayaw sa Itik-Itik:

1. Step to your left and raise your left arm up in a flowing motion.
2. Step to your right and raise your right arm up in a flowing motion.
3. Repeat steps 1 and 2 seven times.
4. Step forward and bring your hands into your chest, bending your elbows and making sure to point your hands inward seven times.
5. Step in a circle as you sway your arms to the right, then to the left.
6. Raise your arm and step hop to the left.
7. Raise your arm and step hop to the right.
8. Repeat steps 6 and 7 five times.
9. Sway to the right, then to the left. Repeat six times.
10. Repeat all steps three times.




heel



Pag flap ng mga bisig



arm extension



Pagyamanin

Panuto: Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay totoo at **HT** kung ito ay hindi totoo. Gawin ito sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang sayaw na Itik-itik ay may kumpas na ³/₄.
- _____ 2. Ang mga mananayaw ay pawang nakapaa lamang.
- _____ 3. Ang mananayaw ng Itik-itik ay nakasuot ng Maria Clara.
- _____ 4. Itinuturing na katutubong sayaw ang Itik-itik.
- _____ 5. Ang bilang ng tempo ng sayaw ay 1, 2, 3.



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang letrang **T** kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at **M** kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ___ 1. Ang sayaw na Itik-Itik ay isang katutubong sayaw ng Pilipinas.
- ___ 2. Ang mga babae ay naglalagay ng bandana sa kanilang ulo.
- ___ 3. Ginagaya ang kilos ng itik sa sayaw na Itik-Itik.
- ___ 4. Ang Itik-itik ay karaniwang isinasayaw sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
- ___ 5. Ang katutubong sayaw na Itik-itik ay nagmula sa Surigao del Sur.

Aralin**3****Itik-Itik: Halina't Sayawin!**

Ang mga pamamaraan na natutuhan ay dapat na palaguin at pagyamanin. Hindi lang sapat na malaman ang mga ito, bagkus ay palagiang isayaw at isagawa upang makatulong at mapaghusay. Sa aralin na ito, inaasahan na lalo pang mapauunlad ang mga kasanayan sa katutubong sayaw na Itik-itik sa pamamagitan ng iba't ibang gawain na kailangang isagawa.

**Balikan**

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at punan ng tamang salita ang bawat patlang mula sa loob ng kahon. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

rondalla	Patadyong	sayaw
Itik	Surigao del Norte	Surigao del Sur

1. Ang _____ ay isang paraan ng paggalaw na gumagamit ng katawan bilang isang instrument ng pagpapahayag at komunikasyon.
2. Ang sayaw na Itik-itik ay nilikha sa pamamagitan ng paggaya sa mga galaw ng isang _____.
3. Ang sayaw na ito ay nagmula sa lalawigan ng _____.
4. Ang kasuotan ng mananayaw na babae ay _____.
5. Ang Itik-itik ay maaring isayaw sa saliw ng _____.



Tuklasin

Dapat matutunan sa sayaw na Itik-itik ang mga kasanayan upang maging maayos at wasto ang pagsasayaw nito.



Suriin

Ang **Itik-Itik** ay isang katutubong sayaw ng Pilipinas na nabuo sa pamamagitan ng paggaya sa iba't ibang galaw ng isang itik. Ang mga galaw tulad ng paglusot, paglipad, maikling hakbang at pagsabog ng tubig sa kanilang mga likuran ay ilan lang sa mga galaw na makikita sa sayaw na ito. Mabilis at nasa batayang kumpas na ³/₄ ang musika na may bilang 1, 2, at 3, sa bawat sukat.

Narito ang mga pangunahing galaw ng paa sa sayaw na Itik-itik.

- 1. Step, Ball-Close, Ball-Close** - hakbang kaliwa pasulong (bilang 1), itaas ang takong ng kaliwang paa at *i-slide* ang kanan malapit sa kaliwa sa ikalima o pangatlong posisyon sa likuran (bilang 2), maliit na hakbang pasulong sa bola ng kaliwang paa at *i-slide* ang kanan malapit sa kaliwa sa pangatlong posisyon sa likuran (bilang 3). Ang hakbang na ito ay tapos na sa humahantong pasulong.
- 2. Heel, Close-ball, Close** - hakbang kaliwa takong pasulong (bilang 1) *i-slide* ang kanan isara ang kaliwa sa ikalima o pangatlong posisyon sa likuran (bilang 2), maliit na hakbang pasulong sa bola ng kanang paa, at *i-slide* ang kanan malapit sa kaliwa sa ikalima o pangatlong posisyon sa likuran (bilang 3). Ginagawa ito sa isang paa na humahantong, papunta pasulong.
- 3. Step, Slide-Close, Slide-Close** - maliit na hakbang kanan pasulong (bilang 1), *i-twist* ang katawan nang bahagya sa pakanang bahagi, dalhin ang paa ng kaliwa sa ikaapat sa harap at *slide* pabalik na may bola ng parehong paa at kasabay ng *spring slide* ng kanan pasulong upang isara na may kaliwa sa unang posisyon (bilang 2), ulitin ang bilang 2. (bilang 3). Ang paa ng kaliwa ay walang bigat sa mga bilang 2 at 3. Ang hakbang na ito ay tapos na may kahaliling paa, pagpunta sa anumang direksiyon.
- 4. Cross-Step, Slide-Close, Slide-Close** - kapareho ng pangatlong hakbang maliban sa hakbang sa unang bilang ay tapos sa kabilang paa sa harap.

5. Cross-Step, Slide-Close, Cross-Step, Slide-Close, Cross-Step - hakbang kanan sa kabila ng kaliwa sa harap (bilang 1), *slide* na may bola ng kaliwa) paa malapit sa takong ng kanang paa, maikling *slide* o maliit na hakbang na may kanang paa pailid kaliwa sa kabila ng kaliwa) sa harap (bilang 2), ulitin ang bilang at maikling slide o maliit na hakbang na may kanang paa pailid pakaliwa sa kabila ng kaliwa sa harap (bilang 3).

Narito naman ang mga pangunahing galaw ng kamay sa sayaw na Itik-itik.

1. Extension ng braso/Pagbaluktot - pagbaluktot ng siko na nakaturo ang kamay sa loob.

2. Pag flap ng mga bisig -pagtaas-baba ng mga bisig na parang ibong lumilipad habang nakabaluktot ang mga siko.

<https://www.youtube.com/watch?v=hvSnYTaZldg&t=92s>



Pagyamanin

Panuto: Magsulat ng (5) limang iba't ibang kasanayan sa katutubong sayaw na Itik-itik. Gawin ito sa sagutang papel.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Karagdagang Gawain

Panuto: Itugma ang mga kaisipan sa Hanay A sa mga salitang nasa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1. Pagtaas-baba ng mga bisig na parang ibong lumilipad habang nakabaluktot ang mga siko.
2. Pagbaluktot ng siko na nakaturo ang kamay sa loob.
3. Kapareho ng pangatlong hakbang maliban sa hakbang sa unang bilang ay tapos sa kabilang paa sa harap.
4. Isang katutubong sayaw ng Pilipinas na nilikha sa pamamagitan ng paggaya sa “mga paggalaw ng isang pato”.
5. Hakbang kaliwa takong pasulong (bilang 1) *i-slide* ang kanan isara ang kaliwa sa ikalima o pangatlong posisyon sa likuran (bilang 2), maliit na hakbang pasulong sa bola ng kanang paa, at *i-slide* ang kanan malapit sa kaliwa sa ikalima o pangatlong posisyon sa likuran (bilang 3).

Hanay B

- a. Itik-itik
- b. Pag *flap* ng mga bisig
- c. *Heel, Close-ball, Close*
- d. *Extension* ng braso/Pagbaluktot
- e. *Cross-Step, Slide-Close, Slide-Close*
- f. *Step, Slide-Close, Slide-Close*

Aralin

4

Itik-Itik: Pagyamanin Natin!

Sa araling ito, mapapaigting ang pagbibigay-halaga sa katutubong sayaw sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga pangunahing hakbang sayaw na may pag-iingat at pagpapahalaga sa sarili. Isa na rito ang pagkatuto ng mga kasanayan na maaring gamitin sa pang-araw-araw na gawain.



Balikan

Panuto: Isulat ang salitang **Oo** kung ang pangungusap hinggil sa katutubong sayaw na Itik-itik ay tama at **Hindi** kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang babaeng mananayaw ay naglalagay ng bandana sa ulo.
2. Ang kumpas sa awitin ng sayaw na Itik-itik ay $\frac{3}{4}$.
3. Ang magkaparehang mananayaw ay may sapin sa paa.
4. Nabuo ang sayaw na Itik-itik habang sumasayaw ang mga bisita sa isang kasalan na parang ginagaya ang kilos ng itik.
5. Ito ay sinasayaw lamang ng mga kalalakihan.



Pagyamanin

Panuto: Isulat ang salitang **Tama** kung ang isinasaad ng pangungusap ay makatotohanan at **Mali** naman kung ito ay hindi makatotohanan. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang magkaparehang mananayaw ay may sapin sa paa.
2. Isinasagawa muna ang *warm-up activity* bago magsayaw.
3. Ang pagsasayaw ng Itik-itik ay isang paraan ng pagpapakita ng pagpapahalaga sa ating mga ninuno.
4. Mahalagang isaalang-alang ang mga kaligtasan ng bawat mananayaw tuwing sasayaw.
5. Mabagal ang kilos ng katutubong sayaw na Itik-itik.



Isaisip

Ang pagsasayaw ay pagpapahiwatig ng damdamin ng isang mananayaw sa saliw ng isang tugtugin. Sa sayaw na Itik-itik naipakikita ng isang tao na tila ba ginagaya ang galaw ng isang itik sa buong sayaw.



Isagawa

Panuto: Isulat ang letrang **T** kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at **M** kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa isang malinis na papel.

1. Ang katutubong sayaw na Itik-itik ay nagmula sa lalawigan ng Surigao del Sur.
2. Pawang mga kalalakihan lamang ang maaring sumayaw ng-Itik-itik.
3. Si Kanang ang babaeng pinagmulan ng sayaw na ito sa isang binyagan.
4. Ang pangunahing galaw sa sayaw na Itik-itik ay mula sa isang itik.
5. Ang sayaw na Itik-itik ay isang katutubong sayaw ng Pilipinas.



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang galaw sa katutubong sayaw na Itik-itik ay nagmula sa isang _____.
a. itik b. kalapati c. uwak d. maya
2. Ang pang-ibabang kasuotan ng mananayaw na lalaki ay puting _____.
a. bahag b. salawal c. pantalon d. padyama
3. Ang mananayaw ng Itik-itik ay walang _____ sa paa.
a. sapatos b. sapin c. tsinelas d. bota

4. Ang Itik-itik ay nagmula sa lalawigan ng _____.
- | | |
|-------------|----------------------|
| a. Samar | c. Leyte |
| b. Zambales | d. Surigao del Norte |
5. Ang Itik-itik ay isang uri ng _____ sayaw.
- | | | | |
|---------------|--------------|-------------------|----------|
| a. katutubong | b. modernong | c. interpretative | d. waltz |
|---------------|--------------|-------------------|----------|
6. Ang sayaw na Itik-itik ay nalikha sa isang _____.
- | | | | |
|----------|------------|-------------|-------------|
| a. pista | b. kasalan | c. binyagan | d. kaarawan |
|----------|------------|-------------|-------------|
7. Ginagamit ito sa ulo ng mga babaeng mananayaw ng Itik-itik.
- | | | | |
|-------------|-----------|---------|------------|
| a. sombrero | b. korona | c. laso | d. bandana |
|-------------|-----------|---------|------------|
8. Ito ang batayang kumpas ng musika ng sayaw na Itik-itik.
- | | | | |
|------------------|------------------|------------------|------------------|
| a. $\frac{3}{4}$ | b. $\frac{2}{4}$ | c. $\frac{4}{4}$ | d. $\frac{1}{4}$ |
|------------------|------------------|------------------|------------------|
9. Ang kilos at galaw ng mananayaw ay _____.
- | | | | |
|------------|------------|------------|-----------|
| a. mabagal | b. matulin | c. mabilis | d. malayo |
|------------|------------|------------|-----------|
10. Ang sayaw na Itik-itik ay may bilang na _____.
- | | |
|----------|--------------|
| a. 1,2 | c. 1,2,3,4 |
| b. 1,2,3 | d. 1,2,3,4,5 |



Susi sa Pagwawasto

Aralin 1

1. ✓ 2. ✓ 3. X 4. ✓ 5. X 6. ✓ 7. ✓ 8. ✓ 9. ✓ 10. ✓	1. a 2. d 3. f 4. b 5. c	1. 00 2. HINDI 3. 00 4. HINDI 5. 00	1. a 2. b 3. c 4. b 5. a
Subukin	Balikan	Pagyamanin	Karagdagang Gawain

Aralin 2

1. titik 2. Surigao del Sur 3. ₃ 4. rondalla 5. patadyong	1. T 2. T 3. HT 4. T 5. T	1. T 2. T 3. T 4. T 5. T
Balikan	Pagyamanin	Karagdagang Gawain
1. Cross Step 2. kaliwang Iukso 3. kaliwang hakbang 4. kanang Iukso 5. kaliwa at kanang hakbang	1. b 2. d 3. e 4. a 5. c	
Pagyamanin	Karagdagang Gawain	

Aralin 3

<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. sayaw 2. titik 3. Surigao del Sur 4. patadyong 5. rondalya 	<p>Pagyamanin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Cross Step 2. kaliwang lükso 3. kaliwang hakbang 4. kananang lükso 5. kaliwa at kananang hakbang 	<p>Karagdagang Gawain</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. b 2. d 3. e 4. a 5. c
---	--	---

Aralin 4

<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. OO 2. OO 3. HINDI 4. HINDI 5. HINDI 	<p>Pagyamanin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. MALLI 2. TAMA 3. TAMA 4. TAMA 5. MALLI 	<p>Isagawa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. T 2. M 3. M 4. T 5. T
	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. c 2. a 3. b 4. d 5. a 6. c 7. d 8. a 9. c 10. b 	

Sanggunian

Raven, Robin. n.d. "Filipino Folk Dance Steps." LoveToKnow Media. Accessed October 3, 2021. https://dance.lovetoknow.com/Filipino_Folk_Dance_Steps.

Liwanag, Suzanne Keih. 2007. "Itik-Itik Instructional Video". *Youtube.Com*.
<https://www.youtube.com/watch?v=hvSnYTaZIdg&t=92s>.

LINUPHYSIO'S WORLD OF AMAZING VIDEOS. 2016. *Philippines Traditional Cultural Dance - ITIK-ITIK, Filipino Folk Dance; Carassauga, Toronto 2015*. August 22. Accessed October 2021.
<https://www.youtube.com/watch?app=desktop&v=FJlvITR2HDI>.

"SAYAW: Filipino Dances". *raizhelle18.tripod.com*. Accessed October 2021.
<https://raizhelle18.tripod.com/thesis/lesson4f.html>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph